

Mga Tinipong Hadith Tungkol Sa:

المحفزات إلى عمل الخيرات

"Ang Mga Nakapanghihikayat Para Sa Paggawa Ng Mga Kabutihan"



المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com

www.islamhouse.com

Isinalin sa Tagalog ni:

Muhammad Taha Ali

Translator in Tagalog/ Arabic Language

Daiyah - Lecturer

المحفزات إلى عمل الخيرات

"ANG MGA NAKAPANGHIKAYAT PARA SA PAGGAWA NG MGA KABUTIHAN"

Inihanda ni: Shaikh Muhammad bin Salih Al-Munjid

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, at nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay ipagkaloob ng Allah sa Kanyang Sugo (Muhammad saw).

Sa katunayan, napakarami ang mga pintuan ng gantimpala at sadyang napakadakila ang pagtataguyod para sa mga mabubuting gawain. katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay nag-ulat tungkol sa kanyang Panginoon,

Siya (Muhammad ﷺ) ay nagsabi:

" قال إن الله كتب الحسنات والسيئات ثم بين ذلك فمن هم بحسنة فلم يعملها كتبها الله له عنده حسنة كاملة "

[Kanyang sinabi: sa katotohanan, naitala na ng Allah ang mga kabutihan at kasamaan, at pagkatapos ay Kanyang ipinaliwanag ang mga ito. Kaya't sinuman ang nagtangkang gumawa ng isang kabutihan at hindi niya ito nagawa, itatala pa rin ito ng Allah para sa kanya bilang isang ganap na kabutihan.] Al-Bukhari 6010 Muslim 187.

Samakatuwid ang sinumang nagturo at nag-anyaya para sa gawang kabutihan nito, kanyang matatamo ang dakilang gantimpala.

Sinabi pa ng Sugo (Muhammad saw):

" من دعا إلى هدى كان له من الأجر مثل أجور من تبعه لا ينقص ذلك من أجورهم شيئاً و من دعا إلى ضلالة كان عليه من الإثم مثل آثام من تبعه لا ينقص ذلك من آثامهم شيئاً "

[Ang sinumang nag-anyaya tungo sa pagtahak ng wastong landas, matatamo niya ang gantimpala na katumbas ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya, at hindi makakabawas iyon sa kanilang mga gantimpala kahit bahagya man lang, at ang sinumang nag-anyaya tungo sa kamalian, siya ay magkakaroon ng kasalanan katumbas ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya, at hindi makakabawas iyon sa kanilang mga kasalanan kahit bahagya man lang] Muslim /4831

ANG ILAN SA MGA PINTUAN NG GANTIMPALA:

1-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

(من توضأ نحو وضوئي هذا ثم صلى ركعتين لا يحدث فيهما نفسه غفر الله له ما تقدم من ذنبه)

[Ang sinumang nagsagawa ng Wudu' ng tulad ng pagsasagawa kong ito, at pagkatapos siya ay nagsagawa ng Salah ng dalawang Rak'ah nang hindi nagsasalita sa sarili. Siya ay patatawarin ng Allah sa anumang nauna niyang kasalanan.] Al-Bukhari /159 – Muslim /331

2-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من ثابر على اثنتي عشرة ركعة في اليوم والليلة دخل الجنة، أربعاً قبل الظهر، وركعتين بعدها، وركعتين بعد المغرب، وركعتين بعد العشاء، وركعتين قبل الفجر "

[Ang sinumang nagtiyaga (sa pagsasakatuparan) ng (12) labing-dalawang Rak'ah sa loob ng isang araw (24 oras). Siya ay makakapasok sa Paraiso. [Ang (12) labing-dalawang rak'ah ay binubuo ng]: (4) Rak'ah – bago ang salah sa Dhuhur at (2) Rak'ah – pagkatapos nito, (2) Rak'ah – pagkatapos ng salah sa Maghrib, at (2) Rak'ah – pagkatapos ng salah sa 'Isha', at (2) Rak'ah – bago ang salah sa Fajr] Sahih Al-Targeeb /580, Sihah As-Sunan Al-Tirmedi /338, An-Nisaai /1693, Ibn Majah /935 kay Albaani.

3-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من مشى إلى صلاة مكتوبة في الجماعة، فهي كحجة، ومن مشى إلى صلاة تطوع، فهي كعمرة "

[Ang sinumang lumakad patungo sa isang ubligadong Salah para sa sama-samang pagdarasal. Ito ay katumbas ng isang Hajj, at sinuman naman ang lumakad patungo sa isang kusang-loob na Salah. Ito ay katumbas ng isang Umrah.] Sahih Al-Jaamia /6556

4-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من صلى صلاة الصبح فهو في ذمة الله، فلا يطلبنكم الله من ذمته بشيء، فإنه من يطلبه من ذمته بشيء يدركه، ثم يكبه على وجهه في نار جهنم "

[Ang Sinumang nagsagawa ng Salah sa madaling araw, siya ay mapapasa-ilalim sa pamamahala ng Allah. Subalit hindi kailanman hinahangad ng Allah na kayo ay papananagutin dahil sa isang bagay (na inyong nilayon), sapagkat tunay na sinuman ang humiling sa Kanya ng isang bagay (na kanyang nilalayon) kapalit ng Kanyang pamamahala, ito ay kanyang makakamtan. Subalit (At pagkatapos), ito ay ihahampas sa kanyang mukha sa Apoy ng Impiyerno.] Sahih Al-Jaamia /2890

5-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من توضأ للصلاة، فأصبح للصلوة، فأسبغ الوضوء، ثم مشى إلى الصلاة المكتوبة، فصلاها مع الناس، غفر الله له ذنوبه "

[Ang sinumang nagsagawa nang maayos na Wudu'para sa Salah at pagkatapos, siya ay lumakad patungo sa pagsasagawa ng ubligadong Salah na kasama ng mga tao, patatawarin ng Allah ang kanyang mga kasalanan.]Ibnu Khuzaimah Sahih Al-Jaamia /6173

6-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من صلى لله أربعين يوماً في جماعة يدرك التكبيرة الأولى، كتب له براءتان، براءة من النار وبراءة من النفاق "

[Ang sinumang nagsagawa ng Salah para sa (kasiyahan ng) Allah ng (40) apatnapung araw sa sama-samang pagdarasal, na kanyang inaabutan ang unang Takbeer (Allaahu Akbar), itatala para sa kanya ang dalawang kalayaan; kalayaan mula sa Impiyerno at kalayaan mula sa pagiging mapagkunwari.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /1979

7-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من أتبع جنازة مسلم إيماناً واحتساباً وكان معه حتى يصلى عليها ويفرغ من دفنها فإنه يرجع من الأجر بقيراطين كل قيراط مثل أحد ومن صلى عليها ثم رجع قبل أن تدفن فإنه يرجع بقيراط "

[Ang sinumang nakipaglibing sa isang (kapatid na) muslim nang may pananalig at pag-asang siya ay pagpapalain, at siya ay kabilang sa mga naroroon hanggang ang namatay ay pag-ukulan ng pagdarasal (Salatul Janazah) at pagkaraan ay hinayaang mairaos ang paglilibing, sa katunayan, siya ay uuwi na may dalang gantimpalang katumbas ng dalawang Qirat; ang bawat Qirat ay katumbas ng Uhud (isang napakalaking bundok sa Madinah). At gayun din naman, sino man ang nakilahok sa pagsasagawa ng kaukulang Salah para dito, at pagkaraan ay lumisan siya bago mailibing, siya ay uuwi na may (dalang gantimpalang katumbas ng) isang Qirat.] Sahih Al-Targeeb /3498

8-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من حج هذا البيت، فلم يرفث، ولم يفسق، رجع كما ولدته أمه "

[Ang sinumang nagsagawa ng Hajj sa (Banal na) tahananang ito (ang Kaabah), at hindi nagsalita ng masasamang salita (o nakipagtalik sa kanyang asawa), at hindi rin nakagawa ng isang kalapastanganan, siya ay uuwi (na walang bahid na kasalanan) tulad ng pagkasilang sa kanya ng kanyang ina.] Sahih An-Nisaai /2464

9-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من طاف بالبيت [سبعاً]، وصلى ركعتين، كان كعدل رقية "

[Ang sinumang nagsagawa ng Tawaf (pag-ikot) sa palibot ng sagradong Bahay (Kaabah) (7 X) at nagsagawa ng Salah ng dalawang Rak'ah, ito ay tila katumbas ng (pagpapalaya ng) isang alipin.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /2725

10-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من طلب الشهادة صادقاً أعطيها، ولو لم تصبه "

[Ang sinumang naghangad ng Shaheed (pagkamartir sa landas ng Allah) nang buong katapatan, ipagkakaloob sa kanya (ang karangalan nito), kahit hindi pa niya sinapit ito] Sahih At-Targeeb /1277

11-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من غسل ميتاً فستره، ستره الله من الذنوب، ومن كفن مسلماً، كساه الله من اللين "

[Ang sinumang nagsagawa ng pagpapaligo sa isang patay at maayos niyang tinakpan ito, siya ay tatakan ng Allah mula sa kanyang mga kasalanan, at sinuman ang nagbigay ng saplot sa isang yumaong Muslim, siya ay pasusuutin ng Allah ng (kasuutang yari sa) Sundus (napakagandang seda).] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /2353

12-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من استغفر للمؤمنين و للمؤمنات، كتب الله له بكل مؤمن ومؤمنة حسنة "

[Ang sinumang humiling ng kapatawaran para sa mga mananampalatayang lalaki at mananampalatayang babae, ipatatala ng Allah para sa kanya ang isang kabutihan sa bawat mananampalatayang lalaki at mananampalatayang babae.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /6026

13-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من قرأ حرفاً من كتاب الله، فله به حسنة، والحسنة بعشر أمثالها، لا أقول: [الم] حرف، ولكن ألف حرف، ولام حرف، وميم حرف "

[Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklal ng Allah (Qur'an), sa pamamagitan nito ay kanyang matatamo ang isang kabutihan, at ang isang kabutihan ay may katumbas na sampung katulad nito, hindi ko sinasabi: "Na ang Alif (A) Lam (L) Mim (M) ay isang titik bagkus (magkakaibang titik) ang Alif (A) ay isang titik, ang Lam (L) ay isang titik, at ang Mim (M) ay isang titik."] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /3327

14-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من قال سبحان الله ويحمده في يوم مائة مرة، حطت عنه خطاياه، وإن كانت مثل زبد البحر "

[Ang sinumang bumigkas ng "Subhaanallaahi wa bihamdihi" (Kaluwalhatian sa Allah at Kapurihan sa Kanya) nang isang daang ulit sa loob ng isang araw, pawawalang-sala ang kanyang mga (gawang) pagkakamali, na kahit pa ito'y kasing (dami ng) mga bula ng karagatan.] Sahih Al-Kalimut Tayyib /7

15-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من صلى علي حين يصبح عشراً، وحين يمسي عشراً أدركته شفاعتي يوم القيامة "

[Ang sinumang humiling ng pagpapala para sa akin sa pagsapit ng buwang liwayway nang sampung ulit at sa pagsapit ng hapon nang sampung ulit. Siya ay masasaklawan ng aking pamamagitan (intercession) sa Araw ng Pagbabangong-muli.] Sahih Al-Jaamia /6357

16-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من بنى لله مسجداً، بنى الله له بيتاً في الجنة أوسع منه "

[Ang sinumang nagpatayo ng isang Masjid (Mosque) para sa Allah, ipagpapatayo siya ng Allah ng isang tahanan sa Paraiso nang may higít na luwang kaysa rito.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /3445

17-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من قال سبحان الله العظيم وبحمده، غرست له نخلة في الجنة " *[Ang sinumang bumigkas ng "Subhaanallaahil adheem wa bihandihi" (Kaluwalhatian sa Allah – ang Dakila – at kapurihan sa Kanya). Siya ay ipagtatanim ng isang puno ng Palmera sa Paraiso.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith)/64*

18-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من قال في يوم مائة مرة " لا إله إلا الله وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد وهو على كل شيء قدير " كان له عدل عشر رقاب وكتبت له مائة حسنة ومحى عنه مائة سيئة وكن له حرزاً من الشيطان سائر يومه إلى الليل ولم يأت أحد بأفضل مما أتى به إلا من قال أكثر " *[Ang sinumang bumigkas ng "Laa ilaaha illallaahu wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku walahul hamdu, wahuwa `alaa kulli shai-in qadeer" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang tanging nag-iisa, wala Siyang katambal. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kapamahalaan at sa Kanya ang kapurihan, at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay) nang isang daang ulit sa loob ng isang araw, matatamo niya ang gantimpalang katumbas (ng gantimpala ng pagpapalaya) ng sampung alipin at ipatatala para sa kanya ang isang daang kabutihan at aalisin (o papawiin) sa kanya ang isang daang kasamaan at itatalaga para sa kanya ang isang pananggalang laban kay Satanas sa buong maghapon hanggang sa kinagabihan at walang makapagdadalala ng higit sa kanyang dalahin maliban sa sinumang bumigkas ng higit na marami kaysa sa kanya.] Sahih ibnu Majah /3064*

19-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من حفظ عشر آيات من أول سورة الكهف، عصم من فتنة الدجال " *[Ang sinumang nakasaulo ng sampung talata ng unang bahagi ng Suratul Kahf (Surah 18), siya ay ligtas sa tukso ni Ad-Dajjal (ang bulaang Kristo).] Sahih Al-Jaamia /6201*

20-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من رأى مبتلى فقال: الحمد لله الذي عافني مما ابتلاك به، وفضلني على كثير ممن خلق تفضيلاً، لم يصبه ذلك البلاء " *[Ang sinumang nakakita ng (isang taong) dinapuan ng kasawiang-palad (nakaranas ng kapighatian sa buhay) at kanyang sinabi o idinalangin: "Al-hamdulillaah alladhee `aafaanee mimmaa ibtalaaka bihi, wa fadh-dhalanee `ala katheerim mimman khalaaq tafdheelaa" (ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah, na Siyang naglayo sa akin sa anumang dumapong kasawiang-palad sa iyo, at nagbigay sa akin ng dakilang kahigtan sa sinumang nilikha Niya). Siya ay hindi dadapuan ng gayong kasawian.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /602*

21-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من قال: لا إله إلا الله، وحده لا شريك له، له الملك وله الحمد، وهو على كل شيء قدير عشرراً، كان كمن أعتق رقبة من ولد إسماعيل " *[Ang sinumang bumigkas ng: "Laa ilaaha illallaahu wahdahu laa shareeka lah, lahul mulku walahul hamdu, wahuwa `alaa kulli shai-in qadeer" (Walang Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang tanging nag-iisa, wala Siyang katambal. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng kapamahalaan, at sa Kanya ang kapurihan, at Siya ay may kakayahan sa lahat ng bagay) nang sampung ulit, siya ay napatulad sa isang taong nagpalaya ng isang alipin mula sa anak ni Ismael.] Sahih Al-Jaamia /4653*

22-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من صلى علي صلاة صلى الله عليه عشرراً " *[Ang sinumang humiling ng isang pagpapala para sa akin. Siya ay pagpalain ng Allah ng sampung ulit.] Sahih At-Tirmedhi /402*

23-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " الأنصار لا يحبهم إلا مؤمن، ولا يبغضهم إلا منافق، فمن أحبهم أحببه الله، ومن أبغضهم أبغضه الله " *[Walang nagmamahal sa mga Ansar (mga taga-Madinah noon) maliban sa mananampalataya at walang napopoot sa kanila maliban sa Munafiq (mapagkunwaring Muslim). Kaya't ang sinumang nagmamahal sa kanila, siya ay minamahal ng Allah. At sinumang napopoot sa kanila, siya ay kinapopootan ng Allah.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /1975*

24-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من أنظر معسراً أو وضع له، أظله الله يوم القيامة تحت ظل عرشه، يوم لا ظل إلا ظله " *[Ang sinumang nagbigay lingap sa isang dukha o pinunan ang pangangailangan nito, siya ay pasisilungin ng Allah sa Araw ng Pagbabangon-muli sa ilalim ng lilim ng Kanyang Trono sa Araw na walang masisilungan maliban sa Kanyang lilim.] Sahih At-Tirmedhi 1052*

25-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " ومن ستر مسلماً ستره الله يوم القيامة " *[Ang sinumang pinagtakpan ang (kapintasan o kakulangan ng) isang Muslim, siya ay pagtatakpan din ng Allah sa Araw ng Pagbabangon-muli.] Al-Bukhari /2262 Muslim /4677*

26-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من كان له ثلاث بنات، فصبر عليهن، وأطعمهن وسقاهن، وكساهن من جدته، كن له حجاباً من النار يوم القيامة " *[Ang sinumang may tatlong anak na babae at siya ay nagtiis para sa kanila, pinakain sila, pina-inum at dinamitan mula sa kanyang sariling pagsisikap, sila yaong (mga anak na babae) ang magiging pananggalang niya sa Apoy sa Araw ng Pagbabangon-muli.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith)/294*

27-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من نب عن عرض أخيه بالغيبة، كان حقاً على الله أن يعتقه من النار " *[Ang sinumang magtanggol sa karangalan ng kanyang kapatid (na muslim) laban sa paninirang-puri (o kasiraang dangal nito), ito ay magiging tungkulin ng Allah na siya ay palalayain mula sa Apoy.] Sahih At-Targeeb /2847*

28-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من كظم غيظاً وهو قادر على أن ينفذه، دعاه الله سبحانه على رؤوس الخلائق يوم القيامة حتى يخيره من الحور العين ما شاء "

[Ang sinumang nagpigil ng kanyang matinding poot gayong may kakayahan siyang gawin ito, tatawagin siya ng Allah – kaluwalhatian sa Kanya – mula sa kataluktukan (kaiitaan) ng mga nilalang sa Araw ng Pagbabangong-muli hanggang sa papipiliin siya sa mga naggagandahang dilag na may malalaki at mapupungay na mga mata ayon sa kanyang nagustuhan.] Sahih At-Targeeb /2753

29-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من تواضع لله رفعه الله "

[Ang sinumang magpapakumbaba sa Allah, itataas (pararangalan) siya ng Allah.] As-Sahihah (isa sa mga pinananaligang Hadith) /2328

30-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw): " من أحب أن يبسط له في رزقه وينشأ له في أثره فليصل رحمه "

[Ang sinumang nais palawakin ang kanyang panustos at patatagin ang kanyang mga yapak (katayuan), magkagayon, nararapat niyang patibayin ang ugnayang pangkamag-anakan.] Al-Bukhari /5527 / Muslim /4639

31-Sinabi ng Sugo (Muhammad saw):

" من قتل وزعاً في أول ضربة كتبت له مئة حسنة وفي الثانية دون ذلك وفي الثالثة دون ذلك "

[Ang sinumang nakapatay ng isang butiki (o tuko) sa unang hampas, ipatatala para sa kanya ang isandaang kabutihan at bukod pang (isandaang) kabutihan para sa ikalawang hampas at bukod pang (isandaang) kabutihan para sa ikatlong hampas nito.] Sahih At-Targeeb /2978